*Pagsasalaysay*

# Pamamanhikan*

**Bernadette V. Neri**

**Synopsis**

Pamamanhikan narrates the thoughts of a woman who is faced with a crisis of motherhood. Her youngest daughter, Ces, is coming home along with her partner, and she is confronted with the predicament of how to deal with her daughter's lover.

The story takes place while she is preparing all the ingredients of her daughter's favorite dish. Not being an expert in concocting the most complex emotions, will she eventually find the exact recipe that complements her own feelings?

WALA SIYANG IBANG HINIHINTAY kundi ang pagsapit ng huling Sabado at Linggo ng buwan. Ito ang takdang pag-uwi ni Maria Celeste. Muli na namang kikilitiin ang kaniyang mga hapon ng walang humpay na kuwentuhan, at pupuyatin ang kaniyang mga gabi ng magdamag na kantahan. Sabado na. Malapit na ring magpalit ang buwan. Ilang oras mula ngayo'y darating na ang bunso niyang anak pero ito ang kauna-unahang pagkakataong bumangon siya nang maaga na walang halong pananabik.

Magdamag niyang ibinabad ang karne ng manok upang manuot ang pinaghalong suka at toyo na nilagyan ng tinadtad na bawang at binudburan ng pinulbos na paminta. Nakasanayan na kasi niyang ipagluto si Ces ng paborito nitong adobo. Pero ngayon, nagdadalawang-isip siya.

*Nagwagi ang "Pamamanhikan" ng Ikalawang Gantimpala sa kategoryang Maikling Kuwento, Filipino Division ng 63rd Carlos Palanca Memorial Awards for Literature noong Setyembre 01, 2013.

Tinangka niyang itapon ang marineyd at ang mga rekadong panggisa ngunit nagsimulang magdikdik ng bawang ang kaniyang mga kamay. Pinanood niya ang mga ito habang tinatalupan ang bawat piraso. Isinunod nitong alisin ang mga nanunutong na balat ng sibuyas-Tagalog. Pagkatapos ay inilublob ang mga nangingintab na dilang-apoy sa isang tabo ng tubig upang kahit papaano'y maibsan ang mabangis nitong katas.

Napangiti siya. Naalala niyang hindi natutong magluto ang kaniyang bunso dahil sa sibuyas. Mahirap kasing patahanin si Ces kapag nasimulan nito ang pag-iyak. Ganoon na ito simula pagkabata, kaya naman nang minsan nitong subuking pag-aralan ang kusina'y di na umulit pa.

Pero kung ano ang iling ni Ces sa sibuyas ay siya namang hilig niya sa prutas lalong-lalo na sa hinog na langka. Gustong-gusto kasi niya ang banayad na pagsabog ng matamis na amoy kapag hinihiwa na ang bunga. Gayundin ang pakiramdam sa kamay ng mantikang pampadulas sa malagkit na dagta. At siyempre, ang sensasyong dulot ng mga hibla ng laman ng langka kapag hinihimay; kapag pumapagitan na ang mga ito sa bawat siwang ng kaniyang mga daliri. Sa ganoong mga pagkakataon lang sila nakakapagkuwentuhang mag-ina sa kusina, kaya't laking gulat niya nang minsang lapitan siya ng kaniyang bunso upang magpaturong magluto.

Hindi niya napigilang mapatawa nang kumuha si Ces ng isang sibuyas-Tagalog at agad na inilapag sa sangkalan.

"Bakit?" nakangising tanong ng kaniyang bunso bago ito nagsimulang maghiwa. "Kung gusto kong matutong magluto, dapat handa akong mapaiyak ng sibuyas. Ikaw ang may sabi n'yan."

Pagkabanggit na pagkabanggit niyo'y alam na niyang may nais sabihin ang anak. Gayon ito kapag may kasalanan o kaya'y sikretong hindi na kayang kimkimin. Biglang sumisipag. Parang noong mabasag nito ang piguring anghel

na subenir sa isang binyag kung saan siya nag-ninang. Dinatnan niyang nakakalat sa sahig ng kanilang maliit na sala ang buo-buong pulang plorwaks. Agad na napatayo si Ces na noo'y anim na taon pa lamang. Mahigpit ang pagkakahawak nito sa basahang kaniyang ipinang-lalampaso. Pulang-pula at namumugto ang mga mata. Nagmamadali itong pumasok sa silid. Paglabas ay tangan na nito ang piguring di na mukhang anghel dahil sa dami ng teyp na idinikit dito.

"Sigui na, sabihin mo na," nakangiti niyang sabi.

Bahagyang natigilan si Ces sa pagbabalat ng sibuyas.

"Susmariosep! Balu cu ning style mu, 'nak." Lalo pa niyang nilambingan ang boses, "Sabihin mo na."

"Aray!" Agad na isinubo ni Ces ang hintuturong tinamaan ng talim ng kutsilyo.

"Dios co! Hindi kasi nag-iingat." Kinukuha niya ang kutsilyo sa anak. "Maghugas ka ng kamay. May band-aid doon sa tokador. Linisin mo agad at baka maimpeksiyon pa 'yan." Kinalma niya ang sarili bago itinuloy ang paghihiwa. Idinaan na lang niya sa biro ang pag-aalala. "Aro, papa'no ka mag-aasawa n'yan e nasusugatan ka sa paggagayat pa lang ng sibuyas?"

Dalawampu't siyam na ang kaniyang bunso ngunit wala pa itong ipinakikilala sa kanila kahit na isang kasintahan. Masyado kasing abala sa pagtuturo sa isang unibersidad sa Maynila. Hindi naman niya masisi ang anak. Katuparan ng pangarap ni Ces ang pagiging guro. Pagkagradweyt nga nito'y agad na nag-aplay sa kolehiyo kung saan ito nagtapos, at agad din namang natanggap. Nakakuha na rin ito ng masters degree at kasalukuyang kinukumpleto ang dukturado sa matematika. Palagi niya itong ipinag-mamalaki sa kaniyang mga kumare. Wala kasing ibang inatupag kundi ang pagpapatalino. Tila naninigurong mga henyong apo ang ibibigay sa kaniya.

"Ing Atsi mu, high school pa lang, magaling na sa kusina. Tingnan mo ngayo't malapit na namang madagdagan ang apo namin ng Tatang mo."

"Tungkol nga po pala d'yan, Ma," sabi ni Ces habang binubuksan ang pakete ng band-aid. "Gusto ko na rin sanang makilala ninyo ang kasintahan ko."

"Atin na cang nobyo?" gulat niyang sabi. "Aba'y ngayon mo lang ito nabanggit, a."

"Kung papayag lang naman po kayo," sabi ni Ces.

Pinuna niya ang sarili. Ganito rin ang naging reaksiyon niya nang magpaalam ang kaniyang panganay upang magpakasal. Alalang-alala siya. Pero naisip niyang hindi naman kukunin si Ces ng kung sino. Isa pa, ito rin ang matagal na niyang hinihintay na mangyari sa kaniyang bunso.

"Dios co, bakit naman kami hindi papayag? Maganda nga iyan at nang makilala naman namin." At tuluyan nang nangibabaw ang tuwa. "Mamamanhikan na ba?" biro niya.

Bahagyang napatawa si Ces. Marahan niyang nilapatan ng band-aid ang nasugatang daliri. "Ma, natatandaan mo si Anne?"

Kumuha siyang muli ng isa pang sibuyas habang inaalala ang matalik na kaibigan ng kaniyang bunso. "Wa, 'yung kasamahan mo sa Maynila." Sa larawan pa lang niya nakikita si Anne pero halos makilala na niya ito dahil sa mga kuwento ni Ces. Mabait. Matalino. Maganda. Responsable. Iyan si Anne ayon kay Ces. Malaki ang tiwala niya sa anak kaya't pilit niyang ikinubli ang di maipaliwanag na pag-aalangan sa kaibigan nito. Wala rin naman siyang basehan. "Kamusta na nga pala iyon?"

Mabuti naman." Humila si Ces ng isang monobloc at doon umupo. "Salamat nga raw pala sa ipinadala mong embutido."

"At salamat din sa padala niyang relyenong bangus. Nagustuhan namin ng Tatang mo." Hinango niya mula sa tabo ang mga binabad na piraso ng nabalatang sibuyas-Tagalog. "Aba'y mahirap gawin 'yun a." Sinimulan niya ang paggagayat. "Isa pang masuwerte ang makakatuluyan ng kaibigan mong 'yan."

Bigla siyang kinabahan. Hindi niya matukoy kung bakit ngunit nakaramdam siya ng pagsisisi sa pagbitiw sa huli niyang pahayag. Tila nakapagbukas siya ng isang talakayang hindi niya magugustuhan.

"Masuwerte nga po ako, 'Ma," mahinang sabi ni Ces.

"Nano?"

Sinagot siya ni Ces ng isang buntong-hininga.

Napahinto siya. Napatitig siya sa kaniyang anak. Kung noo'y nagmistulang anghel ang batang nakabasag ng pigurin nang ipagtapat nito ang inililihim, ngayo'y ang imaheng iyon naman ang nabasag. Tumungo ang kaniyang paningin sa sangkalan. Naisip niyang sadya ngang matapang ang katas ng sariwang sibuyas na pula.

Nagbabaga na ang mga panggatong na kahoy sa kalan kaya't agad siyang nagsalang ng palayok. Nakapaglagay na siya ng tatlong kutsaritang mantika nang mapansin niyang ang naisalang pala'y ang lumang palayok na bigay pa ng kaniyang ina. Marahan siyang napasabunot sa nakapusod niyang buhok. Sa hanay ba naman kasi ng mga kaldero, kaserola, kawali at iba pang mga palayok ay iyon pa ang kaniyang nadampot. Bihira na kasi niya itong gamitin. Inirereserba niya ang kakaibang linamnam na hatid nito sa ulam para sa mga espesyal na pagtitipong pampamilya lamang. Bagaman may pag-aalinlangan, itinuloy na rin niya ang pagluluto rito. Isinunod niyang ilagay ang bawang at sibuyas. At nang nakaangat na ang nakagugutom na amoy ng ginisang mga sangkap ay isinama na niya ang binabad na karne ng manok. Bahagya

niya itong hinalo ng sandok na bao bago tuluyang tinakpan ang palayok.

Nagtungo siya sa likod ng kanilang bahay upang pumitas ng ilang piraso ng siling labuyo mula sa tanim ng kaniyang asawa. At habang namimili siya ng hinog na sili'y naisip niyang hindi pa rin niya maintindihan kung paano nangyari ang lahat.

"Murit kang bata ka!" nanggagalaiti niyang bulong. "Ba't ka pumatol sa babae?"

Nalanta ang buo niyang katawan. Gusto sana niya ng mauupuan, ng masasandalan, ngunit ng mga sandaling iyo'y wala ni isa mang bagay na maaari niyang makapitan, liban kay Ces. Subalit ayaw niya itong hawakan ni salatin. Sa katunaya'y nais niyang layuan ang anak pero hindi siya makagalaw. Hinang-hina siya kaya't hindi niya mawari kung paano niya nagawang manatiling nakatayo. Napalingon siya kay Ces. Wala siyang masabi. Ayaw niyang subukan. Natakot siyang maipahamak ng basag niyang boses. Pilit niyang nilunok ang mapait na lagunlon ng laway na nakabara sa kaniyang lalamunan.

Nagme-menopause na siya nang magbuntis sa kaniyang bunso. Natakot siya sa simula dahil malaki ang posibilidad na magkaroon ng diperensiya ang bata. Ang kagustuhan nilang mag-asawang masundan ang panganay nilang babae ang nagbigay ng lakas ng loob sa kaniya. At nang makita niya sa unang pagkakataon ang sanggol, isang pangalan lang ang kaniyang naisip: Maria Celeste. Isang bituing biyaya ng langit. Bituing titingalain ng lahat at ipagmamalaki niya balang araw.

Yumuko siya upang pulutin ang nahulog na patatas. Hinugasan niya agad ito bago balatan kasama ng iba pa. Isinunod niya ang ilang piraso ng saging na saba. Tinanggal din niya ang mga buto ng bagong pitas na sili upang huwag mangibabaw ang anghang. Katamtaman lang. Tamang-tama sa panlasa ng kaniyang anak. Halos naaaninag na

niya ang napipintong pagngiti ni Ces sa paglanghap pa lang sa luto niyang adobo.

Biglang nagbalik ang mga alaala ng pagkabata ng kaniyang bunso. Naalala niya ang mga gabing pinipili nilang mag-ina ang isusuot nitong damit para sa misa. Wala kasi silang pinalalampas na Linggo at espesyal na pagdiriwang ng simbahan. Bestidang puti o kaya'y kulay rosas ang palaging napipili. Bulaklakin at may mga disenyong puntas sa laylayan. Mga damit na pinasadya pa niya sa modista sa bayan, o kaya'y siya mismo ang nanahi. Naalala niya ang kumpil ni Ces, ang una nitong pangungumpisal at komunyon, maging ang binyag nito. Naalala niya ang pag-eensayo ng kaniyang bunso ng mga awiting simbahan nang sumali ito sa koro ng kanilang parokya. Unti-unting humapdi ang kaniyang mga mata. Tulad ng araw na iyon.

Gulat siyang nakatitig kay Ces. Sa pagkakataong iyo'y tila nais niyang hilamusan ang kaniyang mga mata. Ngunit ibinalik ng kaniyang bunso ang tingin. Biglang sumalimbay ang mga larawan ng isang maliit na sanggol na parang maselang telang kailangang tanganan ng buong pag-iingat. Narinig niya ang mga pigil nitong hikbi na para bang ang mga una nitong uha. Nagpoprotesta ang kaniyang isip pero kusang lumapit ang kaniyang katawan sa anak. Nakita na lamang niya ang sariling niyayakap ang kaniyang bunso tulad ng mga pagkakataong pinatatahan niya ito mula sa mga galos ng paglalaro. Nang pagkakataong iyo'y wala na siyang ibang ninais kundi ang muli itong kalingain. Hindi na niya nakayang umiyak pa.

Ngayo'y uuwi ang kaniyang bunsong anak. Kasama nito ang kaibigang si Anne upang ipakilala sa kanilang mag-asawa.

"Magugustuhan mo si Anne, Ma," pangungumbinsi ni Ces noong huli nitong uwi. "Magaling din siya sa kusina, di tulad ko."

"Kausapin mo ang Tatang mo."

Isinandal ni Ces ang kaniyang balikat sa pintuan. "Ima," marahan niyang sabi habang nakatuon sa sahig ang paningin. "Sa 'yo raw ako magpaalam sabi ni Tatang."

Muntik nang tumapon ang mga nahiwang sibuyas nang tumama ang kutsilyo sa sangkalang kahoy. "Hindi mo p'wedeng dalhin 'yang Anne na 'yan dito!" madiin niyang sabi.

Gitlang napatingin si Ces sa kaniya.

Tinitigan niya ang anak, "Bakit si Anne?"

Tila nahawa sa panginginig ng hangin ang boses ni Ces, "Ima—." Hindi na nito ipinagpatuloy pa ang dapat sana'y sasabihin. Agad nitong iniiwas ang tingin sa kaniya.

Hindi na siya nakapagsalita. Gagawin niya ang lahat mapasaya lang ang anak. Huwag lang ito.

May bahid ng pangamba sa boses ni Ces ngunit diretso itong tumingin sa kaniya. "Ma, papayag si Tatang kung papayag ka." Malungkot ang ngiti ni Ces. "Ang hinihiling ko lang naman ay harapin ninyo si Anne."

Binawasan niya ang baga sa kalan matapos ang unang pagkulo ng adobo upang huwag masobrahan sa lambot ang manok. Kailangan kasing tuluyang sipsipin ng karne ang sabaw hanggang sa ang sariling mantika na lamang ng manok ang matira dito. Ihinalo niya ang mga patatas. Binudburan din niya ito ng kaunting asukal na pula bago muling tinakpan ang palayok.

"Malaki na si Ces."

"Paano kung pag-usapan siya ng mga tao rito?" matalim ang pabulong na tanong ng kaniyang asawa. "Nakita mo na'ng nangyari sa apo ni Indang Maring? Gusto mo ba ng gano'ng kahihiyan?"

"Hinanda na niya ang sarili doon nang magdesisyon s'yang makipagrelasyon sa?."

Napasinghap siya nang hampasin ng kaniyang asawa ang mesa. Ilang sandali rin siyang nanatiling tahimik habang minamasdan ang namumulang kamay ng asawa, ang bahagyang panginginig nito sa pagsisindi ng sigarilyo.

"'Tak nay 'da na!" Makapal ang binugang usok ng kaniyang asawa ngunit hindi nito nakayang ikubli ang nangangatal niyang boses, "Nalahian tayo ng tomboy."

Huminga siya nang malalim bago niya nilapitan ang kabiyak. "Ang hinihiling lang naman ng anak mo'y kilalanin natin ang kan'yang kasintahan." Tinanganan niya ang kamay nito. "Tingin ko'y tama lang na pakiharapan natin ito bilang tao."

Hindi pa rin siya sigurado kung bakit siya pumayag o kung pumapayag na nga ba siya. Ngayon tuloy ay pinoproblema niya kung paano haharapin ang taong hindi niya alam kung pasasalamatan o kamumuhian dahil sa pagmamahal sa kaniyang anak.

"Hindi ko gusto si Anne para sa iyo." Mahinahon ang kaniyang tinig. "Ramdam mo 'yan, anak."

"Ima?."

"Hindi. Huwag mong ipaliwanag," matigas niyang sabi. "Hindi ko rin naman maiintindihan." Napabuntong-hininga siya. Tila iniipon ang lahat ng kahinahunang natitira sa kaniya. "Gaya ngayong di ko maintindihan kung bakit ako pumapayag na makilala siya."

Agad siyang hinagkan ni Maria Celeste. Nanatili silang tahimik. Wala namang kailangang sabihin. Higit pa sa maaaring marinig ang sinabi ng mga yakap na iyon.

Noo'y nagbalik ang pakiramdam nang una niyang makitang ngumiti ang iyaking sanggol na kaniyang iniluwal. Hindi niya malilimutan kung paanong nagsumikap ang buo

nitong katawan upang dahan-dahang buksan ang maliliit na matang naninibago pa sa liwanag. Nag-inat ang mumunting mga kamay at paa nito habang unti-unting binabanat ang maninipis nitong mga labi upang bumuo ng isang nahihiyang ngiti. Tila nagpapasalamat sa siyam na buwang pagdadala sa kaniya. Ang mga ngiting iyon ang pumawi sa lahat ng hirap at pagod na maaari niyang maramdaman bilang ina. Tulad ng pagpawi ngayon ng yakap ni Ces sa lahat ng kaniyang pag-aalinlangan.

Inilagay niya ang mga pinakahuling sangkap. Hinalo-halo niya ito bago tinakpan. Makaraan ang ilang minuto'y tinikman na niya ang ulam. Napangiti siya sapagkat ito ang lasang hinahanap-hanap ng kaniyang bunsong anak – adobong manamis-namis dahil sa saging na saba, at may malamlam na bahid ng anghang dahil sa sili. Ito ang parehong linamnam na hinanap-hanap niya noon sa adobong luto naman ng kaniyang ina. Papaubos na ang mga baga sa kalan kaya't hinayaan niyang nakasalang ang palayok upang manatiling maiinit ang ulam bago ihain.

Ihinahanda niya ang mga kubyertos sa hapag-kainan nang marinig niya ang pagbukas ng kanilang tarangkahan.

"Nandito na sila," sabi ng kaniyang asawa mula sa kanilang balkon.

Pinatuyo niya ang mga kamay sa laylayan ng kaniyang daster. Pigil ang kaniyang mga hakbang patungo sa tabi ng kaniyang asawang may bakas ng kaba at pag-aalala sa mukha. Agad niyang hinawakan ang kamay nito na bagaman nanlalamig ay gumanti ng isang marahang pisil. Sabay silang nagtungo sa pintuan upang salubungin ang mga bagong dating.

Sinulyapan lamang niya ang babaeng kasama ng kaniyang anak. Ipinako niya ang mga mata kay Maria Celeste. Kinakabahan niyang pinagmasdan ang mahinhin ngunit siguradong-siguradong paghakbang nito palapit sa

kanila, ang unti-unting pagkabanat ng mga labi nito. Ngayon, tiyak siyang ipagpapalit niya ang lahat masilayan lamang ang ngiting iyon ng anak.

"Tamang-tama ang dating ninyo," bati niya sa kanila. Ngumiti siya. "Nakahanda na ang pananghalian.